# Supplemental Security Income (SSI)

**2008 na Edisyon**

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Patuloy na mga Benepisyo sa SSI para sa Mga Taong Pansalamantalang Nasa Isang Institusyon

## Ano ang mangyayari sa aking mga benepisyo sa SSI kung ako ay pumasok sa isang nursing home o ospital?

Sa pangkalahatan, kung ikaw ay pumasok sa isang nursing home o ospital (o ibang medikal na pasilidad) kung saan binabayaran ng Medicaid ang higit sa kalahati ng gastos para sa iyong pangangalaga, ang iyong benepisyo sa SSI ay limitado sa $30 bawat buwan. Dinaragdagan ng ilang mga Estado ang $30 na benepisyo na ito. Maaari naming ibawas sa SSI na benepisyo ang anumang **kita** na maaaring mayroon ka.

Kung ikaw ay 18 taong gulang o mas matanda at nakatira sa isang publikong pasilidad kung saan hindi binabayaran ng Medicaid ang higit sa kalahati ng gastos sa iyong pangangalaga, maaaring hindi ka kwalipikado para sa anumang benepisyo sa SSI.

Sa pangkalahatan, kung ang isang batang wala pang 18 taong gulang ay pumasok sa isang nursing home, ospital o ibang medikal na pasilidad kung saan binabayaran ng Medicaid at/o pribadong health insurance ang higit sa kalahati ng gastos para sa pangangalaga, ang benepisyo sa SSI ng bata ay limitado sa $30 bawat buwan (at anumang karagdagang pagbabayad ng Estado). Maaari naming ibawas sa SSI na benepisyo ang anumang **kita** na maaaring mayroon ang bata.

Kung higit sa kalahati ng gastos sa pangangalaga ang binabayaran ng isang batang wala pang 18 taong gulang na nakatira sa isang pampublikong pasilidad na hindi binabayaran ng Medicaid o ng pribadong health insurance --nang mag-isa o kasama ng iba -- ang bata ay maaaring hindi kwalipikado para sa anumang benepisyo sa SSI.

## Paano kung sandali lamang ako sa pasilidad?

Isang espesyal na patakaran ang aaplay kung ikaw ay mananatili sa pasilidad ng **90 araw** o mas maikling panahon. Kung bibigyan mo kami ng takdang impormasyon, maaari mong patuloy na matanggap ang iyong regular na SSI na tseke.

## Anong impormasyon ang kailangan ko?

- Dapat isulat ng doktor na ikaw ay mananatili sa pasilidad ng **90 araw** o mas maikling panahon.
- Kailangan din namin mula sa iyo, o sa ibang tao na nakakaalam kung ano ang mga nangyayari sa iyo, ang isang pahayag na magsasabing kailangan mo ang iyong mga benepisyo sa SSI upang mamintina ang iyong tahanan o tinitirahan habang ikaw ay nasa pasilidad.

Kailangan namin ang mga pahayag na ito sa pinakamadaling panahon pagkatapos mong pumasok sa pasilidad. Dapat silang isumite bago ka umalis o sa ika-**90 na araw** na ikaw ay naroroon, alinman ang mas maaga.

Madalas kaming nakikipagtulungan sa mga opisina ng admissions upang makuha kaagad ang impormasyon na kinakailangan namin. Ang opisina ng admissions ay makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya na kontakin kami.

---

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.